


Estratehiya ng Pamahalaang Victoria sa Paghadlang sa Pang-aabuso sa Nakatatanda



POLYETONG PANG-IMPORMASYON

Pangangalaga sa iyong mga pinansiya

Katulad mo ba ito, o ng isang taong kakilala mo?

- Hindi ako pinapayagang makipagkita o makipag-usap sa aking mga kaibigan
- May isang tao sa aking pamilya na nagbabanta sa akin
- Kinukuha ng mga anak ko ang aking pera nang hindi nagtatanong sa akin
- Ginagawa ang mahalagang mga desisyon para sa akin nang wala akong pahintulot

Kung ito ay naglalarawan sa iyo o sa isang taong kakilala mo, ito ay maaaring pang-aabuso sa nakatatanda, pagmamaltrato o pagpapabaya.

Mga payong makatutulong sa iyo na mapangalagaan ang iyong mga pinansya

- Huwag mapilitang magbigay ng pera o magbigay ng mga ari-arian katulad ng mga alahas. Kausapin ang isang taong iyong mapagkakatiwalaan at kumuha ng independiyenteng payo kung kinakailangan.
- Bago gumawa ng mahalagang mga desisyon tungkol sa iyong pera at mga ari-arian humingi ng independiyenteng payong pampinansya o pambatas mula sa kaugnay na mga serbisyo.
- Panatiliing maayos ang iyong Testamento. Dapat tiyakin ng nakatatandang mga tao na mayroon silang propesyonal na binalangkas

ng legal na Testamento na palagiang binabago.

- Gawing naaayon sa batas ang pagpapautang. Kumuha ng abugado upang gumawa ng legal na kontrata kung ikaw ay nagbabalak na magpautang ng pera kahit na ang taong ito ay isang kamag-anak
- Panatiliing maayos ang iyong mga bank account at huwag pumayag na magkaroon ng access ang sinumang tao sa iyong pera. Kontakin ang iyong bangko kung may pagdududa.
- Kung ikaw ay may access sa internet, at ligtas para sa iyo na gumamit ng kompyuter upang maghanap ng ganitong uri ng impormasyon, hanapin ang mga key word na katulad ng “abuse”, “elder abuse”, “violence and safety”.

Paano makakakuha ng tulong

Mahalaga na ang mga nakatatandang tao, ay nakakaunawa ng kanilang mga karapatan at mga kapangyarihan kaugnay ng kanilang mga pinansya, pag-aari at mga ari-arian. Mahalaga din na humingi ng payo kung naniniwala sila na sila o ang isang taong kakilala nila ay inaabuso.

Ang *Seniors Rights Victoria* ay isang libreng linyang pantulong, pambatas at pang-reperal na serbisyo na pinondohan ng Pamahalaan. Kung naniniwala ka na ikaw ay dumaranas o nanganganib na dumanas ng pinansyal na pang-aabuso ang *Seniors Rights Victoria* ay maaaring tumulong. Tumawag sa 1300 386 821 sa pagitan ng alas 10n.u. at alas 5n.h. Lunes hanggang Biyernes o bisitahin ang

www.seniorsrights.org.au

Kung ikaw ay nakadarama ng pagiging hindi ligtas kontakin ang Victoria Police sa 000

Mga Karapatan. Paggalang. Pagtitiwala.

Estratehiya ng Pamahalaang Victoria sa Paghadlang sa Pang-aabuso sa Nakatatanda

Consumer Affairs

- Upang mag-ulat ng mga scam o pandaraya, o magreklamo tungkol sa mga kalakal at serbisyo kontakin ang consumer affairs sa 1300 55 81 81. Lunes hanggang Biyernes alas 9n.u. hanggang alas 5n.h. maliban sa mga piyesta opisyal.

Para sa karagdagang impormasyon ukol sa Estratehiya ng Pamahalaang Victoria sa Paghadlang sa Pang-aabuso sa Nakatatanda mangyari lamang na kumontak sa:

Aged Care Branch

Department of Health

12th Floor

50 Lonsdale Street

MELBOURNE 3000

Australia

Tel: (61 3) 9096 7389

Fax: (61 3) 9096 7943

Email: aged.care@health.vic.gov.au

www.seniorsonline.vic.gov.au

Ang impormasyon sa fact sheet na ito ay para lamang sa pangkalahatang impormasyon. Hindi ka dapat umasa dito sa dahilang hindi ito legal na pagpapayo na naaangkop sa iyong partikular na mga kalagayan. Kung ikaw ay may anumang mga katanungan o kailangan ng payo, kontakin ang mga ahensyang nakalista sa fact sheet na ito.